

E-cheat: Pagsiyasat sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn sa panahon ng pandemya

Galit, Gilbert ✉

Leyte Normal University, Philippines (ggalit@lmu.edu.ph)

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 20 September 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b027

Accepted: 4 October 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The migration of education from face-to-face to online is a huge step in the modernization of the Philippine educational system. Technology has made learning in any particular topic of study both simple and complex. However, although being modernized, it has also resulted in more severe instances of academic dishonesty practices, fraud, and plagiarism because technology now makes a wide variety of information available online and has made it easier for students to obtain. In this study, the researcher looked into several types of plagiarism and cheating among college students taking courses online. An intrinsic case study design was used in this qualitative investigation. Purposive sampling was employed in participants' selection based on the set criteria ensuring that individuals were chosen in accordance with ethical norms. The data was obtained using a Focused Group Discussion (FGD), and it was then analyzed and interpreted using thematic analysis. According to the data, it appears that students who engage in cases of academic dishonesty and cheating employ a range of strategies to pass online examinations and fulfill other academic responsibilities. When online examinations are held, participants make the most of web browsing and conducting audio and video conferences. Meanwhile, the main reasons for engaging in academic dishonesty practices are the pressure experienced in the current system, lack of academic support, lack of self-confidence and motivation, inadequate discussion, and the desire to pass the subject even if they have not learned completely. Therefore, it is good to pay attention to the development of teaching methods and the use of authentic metrics to better develop the skills appropriate to the course under study.

Keywords: e-cheat, online education, cheating, academic dishonesty practices, pandemic

E-cheat: Pagsiyasat sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn sa panahon ng pandemya

1. Introduksiyon

Ang edukasyon ay isang paraan upang humubog at makapagprodyus ng mga mamayang responsable at aktibo sa pagsulong ng panlipunang pag-unlad habang tangan ang mga kaalamang nakamit at mga pagpapahalagang isasabuhay sa kanila-kanilang larangang pinili. Ito ay proseso ng pagpapalawak ng kamalayang hindi lamang produkto ng mga teoretikal na diskurso kung hindi maging ang mga prinsipyo upang hubuging buo ang identidad at moralidad ng isang indibiduwal. Ganoon pa man, ang ganitong ideolohiya sa edukasyon ay hinamon ng kasalukuyang kalagayan dahil sa krisis pangkalusugan dulot ng pandemya.

Ang pananalasa ng Coronavirus 19 (COVID-19) ay yumanig sa sistema ng edukasyon sa mundo, subalit sa konteksto ng pag-unlad at pagbabago ay ipinakita nito ang parehong mga pagkakataon at mga hamon sa mga institusyon tungo sa modernisasyon ng sistemang pang-edukasyon sa ano mang antas ng pag-aaral. Noong Marso 2020, nagresulta ang COVID-19 sa pansamantalang pagsasara ng mga paaralan sa bansa. Dahil dito, nagkaroon ng isang radikal na pagbabago sa edukasyon na nagdulot ng onlayn na pag-aaral, kung saan ang pagtuturo ay isinasagawa halos sa *digital* na mga *platform*. Dahil dito, ang Commission on High Education (CHED, 2020) ay naglabas ng Memo Blg. 04, serye 2020, hinggil sa *Guidelines and Implementation of Flexible Learning* sa lahat ng Higher Education Institutions (HEIs) sa Pilipinas. Sa memorandum na ito, binigyang-pansin ang mga alternatibong paraan upang ipagpatuloy ang edukasyon sa tinawag na *new normal education* (Acuzar et al., 2021). Ang mga hakbang na ito sa pagbabago ng sistemang pang-edukasyon ay sinang-ayunan ni Dhawan (2020), na sa panahon ng krisis, ang mainam na lunas ay ang pagpapatupad ng *online learning mode*. Dagdag pa nina Li at Lalani (2020) ng World Economic Forum, mas epektibo ang *online learning* kaysa sa pag-aaral sa loob ng silid paaralan sa panahong ito. Ang *Online Learning Mode* o *Distance Learning* ay maaaring gawin sa pamamagitan ng paggamit ng *computer*, *smartphones* at *internet*. Maaari rin naman ang paggamit ng modyular na kung saan may mga modyul (printed o electronic) na ipamamahagi sa mga estudyante na kanilang pag-aaralan at sasagutan sa itinakdang panahon (Calaor et al., 2020).

Sa pagpapatuloy ng edukasyon sa kabila ng pagtaas ng mga kaso hinggil sa COVID-19, malaki ang naging papel ng teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Subalit ang pagsulong ng teknolohiya ay nagbukas ng mga pagkakataon na makompromiso ang kalidad ng pagkatuto lalo na sa *online education*. Ayon kina Kelley at Dooley (2014), habang ang lipunan ay nagiging mas *advanced* sa teknolohiya, maraming mahusay na aplikasyon ang nagpapabuti sa pamantayan ng pamumuhay. Ang internet at ang "*anytime at anywhere*" na pag-access na ibinibigay ng internet, ay naglagay ng halos walang katapusang impormasyon. Subalit sa kasamaang palad, maraming tao ang gumagamit ng teknolohiya para abusuhin ang sistema. Ang mga mag-aaral ay nakahanap ng mga mapanlikhang paraan para gamitin ang teknolohiya upang mandaya sa mga pagsusulit at takdang-aralin. Dagdag pa nina Baijnath at Singh (2019), sa kasalukuyan ay kinikilala ng mga unibersidad sa buong mundo ang mga kaso sa pandaraya na ngayon ay sumulong nang higit pa sa mga naitala na, na ang teknolohiya ay nagpapatunay na isang makabuluhang bagay na nagbukas ng mga gawain sa pandaraya at pangongopya sa mga pagsusulit.

Ang pagsusulit ay isang mahalagang instrumento sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto upang mataya ang mga naabot na kaalaman ng mga mag-aaral bilang resulta ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito ay makabubuo ng makabuluhang pagpapasya ang isang guro sa susunod na hakbang na kaniyang gagawin sa loob ng klase. Nagsisilbi rin itong mabisang repleksiyon sa mga mag-aaral sa kanilang kalakasan at kahinaan, at kabisaan naman ng mga estratehiyang ginamit ng guro sa pagtuturo (Allarte et al., 2021; Muthmainnah et al., 2021). Ayon kay Bhat (2017), ang pagsusulit ay isang aparato o teknik na ginagamit upang masukat ang performans, lebel ng kasanayan o kaalaman ng mga mag-aaral sa isang partikular na asignatura. Dagdag pa nina Adom et al. (2020),

ang pagsasagawa ng pagsusulit ay isa sa mga karaniwang “assessment tool” sa larangan ng edukasyon. Higit sa pagiging instrumento, maaari rin itong tingnan bilang istandard na prosesong ginagamit sa sistematikong pagsukat sa sampol ng pag-uugali sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga set ng katanungan. Sa edukasyon, ito ay metodo upang malaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkumpleto o paggawa ng partikular na gawain o hindi naman kaya ay ipakita ang “masteri” sa kanilang kasanayan at kaalaman sa isang nilalaman.

Sa pag-aaral nina Li et al. (2021), binanggit na ang problema sa pandaraya sa mga pagsusulit sa kasalukuyang sistema ay mas naging malala. Ang pagtugon ng Komisyon sa pangangailangang pang-edukasyon sa panahon ng pandemya ay nagdulot ng maraming hamon sa pagpapatupad ng edukasyong onlayn tulad ng limitadong akses sa mga mapagkukunan at mga materyal, kakulangan ng karanasan/kasanayan, alalahanin sa kalidad at bisa ng edukasyon, ganoon din sa paglala ng hindi pagkakapantay-pantay sa akses sa pagkatutong onlayn. Samantala, sa usapin ng pagsusulit at pagsukat sa mga kasanayang natamo, ang distansiyang dulot ng edukasyong onlayn ay nagbigay ng maliit na pagkakataon sa mga guro na pangasiwaan nang maayos ang mga pagsusulit. Dahil sa onlayn na lamang ginagawa ang pagsusulit at sinasagutan na lamang sa kani-kanilang sariling tahanan at espasyo, nagbigay ito ng mas maraming pagkakataon na mandaya at mangopya ang mga mag-aaral sa mga pagsusulit. Dagdag pa, natuklasan sa pag-aaral nina Moralista at Oducado (2020), na tinitingnan ng mga guro sa kolehiyo ang edukasyong onlayn bilang sanhi ng pagtaas ng mga kaso ng pangongopya at pandaraya na nagdulot ng mas malawak na saklaw sa *academic dishonesty* ng mga mag-aaral.

Ang teknolohiya bilang pangunahing instrumento sa edukasyong onlayn ay hindi maikakailang isa ring mahalagang salik sa pagbaba ng kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Hindi lamang nito naapektuhan ang pagdebelop sa malawak na kaalaman at kakayahang maaaring matamo ng isang mag-aaral kung hindi maging ang kanyang personal na mga pagpapahalaga. Bagamat malawak ang mga literatura tungkol sa mga pakinabang ng teknolohiya, may ilan ring nakasulat tungkol sa kahinaan at negatibong epekto nito. Ang teknolohiya ay hindi mabuti o masama. Ang usapin ay nasa kung paano pinipili ng tao ang paggamit ng teknolohiya, isang halimbawa ay ang pandaraya. Sa pananaliksik nina Golden at Kohlbeck (2020), natuklasan na mas mataas ang nakukuhang marka ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit na gumagamit ng mga *verbatim* na tanong kumpara sa mga *paraphrased* (80% vs. 69%). Ang ganitong resulta ay konsistent kahit pa na sa mga sumunod na pagsusulit ay nilagyan ng *honor code statement* ang pagsusulit. Ang gayong performans ay humantong sa hinuhang mas malaki ang marka sa mga *verbatim* na tanong sapagkat madali nila itong mahanap sa internet kumpara sa mga *paraphrased* na hindi gaanong madaling mahanap sapagkat hindi ito makita sa internet.

Batay sa mga nabanggit na mga saligan, ang mga literatura at pag-aaral tungkol sa mga kaso ng pandaraya at pangongopya ay isang penomenong hindi na bago sa sistemang pang-edukasyon. Ang suliraning ito ay palasak nang usapin sa akademya at malinaw na nagpakita ng mga emperikal na datos na ang ganitong sistema ay nakaaapekto sa kalidad ng pagkatuto, at ganoon din sa malayang pagdebelop sa karakter at pagpapahalaga ng isang indibiduwal. Sa kasalukuyang pag-aaral, binigyang-tuon ang iba’t ibang paraan ng pangongopya at pandaraya ng mga mag-aaral sa pagkatutong onlayn at pagsiyasat sa mga dahilan kung bakit nasasangkot ang mga mag-aaral sa ganitong gawain. Ang pag-alam sa mga dahilan ay isang mainam na paraan upang makita at maunawaan ang pinanggagalingan ng mga mag-aaral sa pagsangkot sa mga gawaing pandaraya.

Mahalaga ang pag-aaral na ito hindi lamang bilang ambag sa malawak na kalipunan ng kaalaman kung hindi maging sa pagbuo ng mga angkop at praktikal na polisiya, pamaraan at interbensiyon upang maiwasan ang ganitong mga suliranin. Sa panahong malayo na ang naabot ng teknolohiya, mahirap nang tukuyin kung ano ang kaya at hindi kaya nitong gawain. Sa kasalukuyan na pangunahing instrumento ng pandaraya ang teknolohiya, hindi rin malayong ito ang maging solusyon sa paglutas ng ganitong suliranin. Sa mga guro sa kolehiyo, ang datos ng pananaliksik ay makatutulong upang makabuo at gumamit ng mga praktikal na pagtataya sa pagsukat sa mga natamong kaalaman ng mga mag-aaral sa halip na sa paraang tradisyunal lamang.

1.1 Saligang Teoretikal

Naging pangunahing saligan ng pag-aaal na ito ang mga teoryang *Ethical Egoism Theory* at ang *Rational Choice Theory*. Ang mga teoryang ito ay higit na nagbigay ng malawak na konteksto tungkol sa mga akto ng pandaraya at pangongopya ng mga mag-aaral sa pagkatutong onlayn. Inilalahad nito ang mga karunungan tukoy na nagpapaliwanag sa nasabing penomenon at mga rason ng pagsangkot ng mga mag-aaral sa nasabing gawi upang higit na mapagtibay ang suliranin ng pananaliksik.

Ethical Egoism Theory. Ipinaliwanag ni Regis (1979) ang *Ethical Egoism* na tumutukoy sa pananaw na ang bawat tao ay kumikilos upang mapakinabangan ang ano mang gawa sa kanyang pansariling kabutihan o kapakanan. Higit nitong tinitingnan na ang aksiyon ng isang indibiduwal ay nakabatay sa konteksto ng pagpapasya at pagsangkot sa isang akto upang matugunan ang kaniyang personal na interes ano man ang katumbas nito.

Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, nauugnay ang teorya sa konsepto ng pangongopya at pandaraya sa ideya na ang mga mag-aaral ay nasasangkot sa mga nabanggit na akto upang mapunan ang kanilang mga pansariling kagustuhan. Dagdag pa Pecorino (2017) sa kanyang artikulong *Academic Integrity and Cheating: Why is it wrong to cheat?* Ang mga *ethical egoist* ay mayroong pagkahumaling sa gayong mga aksiyon sa pag-iisip na sa pamamagitan ng pandaraya ay maaari nilang makamit ang ilang kanais-nais na layunin nang may kaunting pagsisikap na itinuturing na pinakapopular na pananaw ng teorya.

Binibigyang-katuwiran ng mga *egoist* ang pandaraya sa paniniwalang ano man ang nagpapasaya sa kanila ay iniisip nila bilang ang magandang gawin sapagkat ito ang etikal na prinsipyo ng isang *egoist*. Iniisip ng isang *cheater* na ang pagkamit ng ninanais na resulta sa pamamagitan ng paglilihim/pagsisinungaling o sa pamamagitan ng iba't ibang paraan na lumalabag sa akademikong integridad ay magpapasaya sa kanila. Ang ganitong paniniwala ay nakabatay sa pag-iisip na mas kaunti ang guguguling trabaho na kasangkot sa proseso sa halip na maganyak na mag-iisip nang dalisay sa pagkamit ng isang matagumpay na resulta. Iilan lamang ang nasasangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya para lamang sa konsepto ng pandaraya. Ayon pa kay Bailey (2020), karaniwang dahilan ng mga mag-aaral sa kolehiyo na masangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya sa mga dahilan na makakuha ng maganda o mataas na marka, pagkatakot na mabigo, *procrastination*, kawalan ng interes sa aralin at sa paniniwalang hindi sila mahuhuli.

Ang mga nangongopya at nandaraya ay karaniwang nakakakuha ng mas mataas na grado o gantimpala kaysa sa kung hindi man ay magreresulta mula sa kanilang kakulangan ng mga lehitimong pagsisikap. Iniiwasan ng mga *cheater* ang mga negatibong resulta. Maaari pa nga silang magbigay ng dahilan para isipin ng instruktur na epektibo ang gawain ng instruktur sa pamamagitan ng paggawa ng mataas na pagganap sa mga akademikong gawain. Para sa *ethical egoist*, ang pangongopya at pandaraya ay maaaring mukhang makatuwiran sa moral na pamantayan maliban na lamang kung ang *ethical egoist* ay may interes sa pagkakaroon ng maayos na lipunan na ang bawat indibiduwal ay may ganap na kakayahan na magbahagi ng maayos na serbisyo at tapat na ng mga produkto.

Rational Choice Theory. Tinitingnan ng mga tagapagtaguyod ng *Rational Choice Theory* na ang mga hindi tapat na aksiyon ng isang indibiduwal ay resulta ng mga pagpapasya na ginagawa ng isang *rational agents* (Cornish & Clarke, 1986). Ang produkto ng paraan ng pagkilos ay pinili pagkatapos timbangin ang mga pakinabang at disadbentahi ng lahat ng posibleng resulta. Samakatuwid, ang pagpapasya na mandaya ay nagreresulta mula sa tinatawag na *cost-benefit analysis*. Na ang mga salik na kasangkot sa desisyong mandaya at mangopya ay maaaring kabilang ang pagsisikap na kasangkot sa pandaraya sa halip na pag-aralan ang materyal, ang inaasahang pag-unlad sa makukuhang marka dahil sa pagdaraya, at iba pa. Ganoon din ang kalubhaan ng mga posibleng kahihinatnan ay nagsasangkot din sa paggawa ng mga estratehiya na ipinagpalagay ng teorya ng pagpigil, ganoon din ang mga limitasyon nito.

Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang pagpapalagay na ito ay nagsasaad na ang isang *cheater* ay

gagawa ng isang akto batay sa paniniwala na ang gawaing ito ay kapaki-pakinabang para sa kanya. ang pagpapasiya na ito ay nangangailangan ng isang proseso ng paggawa ng desisyon. Bagamat ang desisyon ay limitado dahil sa kaunting impormasyong kasangkot sa proseso ng pag-aanalisa ng kilos. Kapag nakita ng indibiduwal na ang mga benepisyong kilos ay mas malaki kaysa sa halaga nito, kung gayon ang indibiduwal ay nasasangkot sa akto ng pandaraya at pangongopya. Dagdag pa, tintingnan ng isang indibiduwal ang pagkakaiba sa pagitan ng pagsasangkot sa pandaraya at pangongopya sa mismong akto ng pandaraya. Ang pagsasangkot ng mag-aaral at ang akto ng pangongopya ay tumutukoy sa mga dahilan ng paggawa ng pandaraya (DePietrio, 2010).

Ang mga teoryang *Ethical Egoism* at *Rational Choice* ay mga saligang teoretikal na mas nagbigay ng malawak na pag-unawa sa rasyonal ng pagsangkot ng mga mag-aaral sa mga akto ng pangongopya at pandaraya. Ang gayong mga kilos ay tintingnan hindi lamang bilang produkto kung hindi higit sa proseso upang maunawaan at mailahad ng kasalukuyang pag-aaral ang mga dahilan ng pagsangkot sa ganitong mga akto. Ang pag-iisip at ang pagproseso ng isang indibiduwal sa mga sitwasyong kinakaharap ay isang mahalagang salik upang tingnan sa mas obhetibong lente at paghuhusga ang kanilang mga ginawang pagpapasya na humantong sa pagsangkot sa mga gawaing pangongopya at pandaraya.

1.2 Paglalahad ng Suliranin

Nilayon ng kasalukuyang pag-aaral na siyasin ang mga kaso ng pandaraya at pangongopya sa pagkatutong onlayn. Tiniyak ng pananaliksik na matukoy ang: (a) iba't ibang paraan ng pangongopya at pandaraya ng mga mag-aaral sa pagkatutong onlayn at (b) mga dahilan ng pagsasangkot ng mga mag-aaral sa mga akto ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn.

2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng disenyong intrinsik na pag-aaral sa kaso (Intrinsic Case Study). Ayon kay Stake (1995) na gumamit ng terminong *intrinsic case study* at nagmumungkahi sa mga mananaliksik na mayroong tunay na interes sa pag-aaral sa kaso na dapat gamitin ang pamamaraang ito kapag ang layunin ay mas mahusay na unawain ang kaso o penomenon. Hindi ito pangunahing isinasagawa dahil kinakatawan ng kaso ang iba pang mga kaso o dahil ito ay naglalarawan ng isang partikular na katangian o suliranin, ngunit dahil sa kabuoang partikularidad nito at pagiging karaniwan. Gaya ng binanggit ni McCombes (2019), mainam ang paggamit ng ganitong disenyo sa isang detalyadong pag-aaral ng isang tukoy na paksa sa paglalarawan, paghahambing, pagsusuri at pag-unawa sa iba't ibang aspekto ng isang suliranin. Sa kasalukuyang pag-aaral, binigyang-tuon ang pagsiyasat sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn na palasak sa kasalukuyang sistema ng edukasyon dahil sa pagsasateknolohiya ng edukasyon na ang tuon ay ang mga mag-aaral sa isa sa mga unibersidad sa Lungsod Tacloban.

Gamit ang *purposive sampling* ay pinili ang mga kalahok batay sa pamantayang binuo upang matiyak ang kalidad ng datos na makukuha. Una (1) ang kalahok ay dapat na mag-aaral sa kolehiyo, pangalawa (2) nakaranas ng *e-learning mula* sa taong panuruan 2020-2021 at pangatlo (3) nasangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng Focused Group Discussion (FGD) gamit ang *semi-structured* na talatanungan. Birtuwal ang pagsasagawa ng FGD upang walang pisikal na kontak sa pagitan ng mananaliksik at mga kalahok para maiwasan ang ano mang suliraning pangkalusugan. Naging mahalagang pagsasaalang-alang din ang mga etikal na konsiderasyon sa pagpili ng kalahok at siniguradong boluntaryo ang kanilang partisipasyon, ang mga personal na impormasyon, pagkakakilanlan at mga datos na nakuha mula sa mga kalahok ay pinanatiling kumpidensiyal at ginamit para lamang sa layunin ng pag-aaral.

Ginamit sa pananaliksik ang paraang pagtetema/pagkokoda bilang tritment sa mga datos na nakuha mula sa mga kalahok. Ang pagtetema/pagkokoda ay isang paraan kung paano tinutukoy ang datos na pinag-aaralan.

Nagsasangkot ito ng pagkilala at pagtatala ng isa o higit pang mga sipi ng teksto o iba pang mga aytem sa datos tulad ng mga bahagi ng isang teksto na sa ilang mga kahulugan, ay nagpapakita ng pagkakatulad at parehong teoretikal at deskriptibong ideya (Gibbs, 2012). Ginamit ng mananaliksik ang paraang ito upang organisahin ang mga datos na nakuha mula sa isinagawang pagsusuri upang mabigyan ng angkop at tapat na interpretasyon. Muli ring ipinakita sa mga kalahok ang resulta ng panayam upang masigurado ang kapaniwalaan ng pagsusuri.

3. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito matutunghayan ang resulta ng pag-aaral at pagtalakay sa mga datos na nakuha mula sa isinagawang panayam. Tinalakay dito ang mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn batay sa inilahad na layunin ng pag-aaral.

3.1 Mga Paraan ng Pangongopya at Pandaraya sa Pagkatutong Onlayn: Pagkuha ng Pagsusulit

Pagsasagawa ng Audio at Video Conferencing - Ang proliferasyon ng teknolohiya ay isang magandang pagbabago sa sistemang pang-edukasyon. Dahil sa integrasyon ng medya at teknolohiya ay mas naging madali at *accessible* ang halos walang katapusang kaalaman sa internet na nagpagaan sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Ganoon pa man, hindi rin maikakaila ang negatibong epekto nito sa proseso at kalidad ng pagkatuto lalo na sa kasagsagan ng implementasyon ng *flexible/online learning*. Bagaman malaking tulong ang iba't ibang aplikasyon at mga Learning Management System (LMS) sa pagtuturong onlayn, naging daan din ito upang masangkot ang mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng gawaing komokompromiso sa akademikong integridad ng kanilang pagganap.

Sa kaso ng pangongopya at pandaraya, lumabas sa pagsusuri ng pananaliksik na nagagamit ang mga aplikasyong *zoom*, *google meet*, *video messenger*, *discord* at iba sa mga akto ng pandaraya at pangongopya. Batay sa paglalahad ng mga kalahok, kapag nagbibigay ng mga pagsusulit ang kanilang instruktur ay nagkikita-kita sila gamit ang mga aplikasyong ito upang kolaboratibong pag-usapan ang mga aytem at magtutulong na sagutan ang mga ito. May mga pagkakataon ding ini-screenshare ng isa sa kanila ang *google form* na ginamit sa pagsusulit at doon ay dini-discuss ang bawat aytem upang magkaroon ng kolektibong pagpapasya sa kung ano ang tamang sagot sa nasabing aytem. Karaniwan itong ginagawa ng mga kalahok lalo na sa mga obhetibong pagsusulit gaya ng *multiple choice*, *identification*, *true or false* at iba pa. Ayon pa sa pagbanggit ng isa mga kalahok:

“Mas madali kasi kon video conference kay nadi-discuss talaga nam an aytem tas nagbuburublig liwat kami pag-answer.”

[Mas madali kasi kapag magsagawa ng video conference sapagkat mas natatalakay namin ang mga aytem at nagtutulungan na masugatan ang mga aytem].

Ang patuloy na pag-usbong ng makabagong teknolohiya ay may malaking epekto sa kalidad ng edukasyon - parehong positibo at negatibo. Isa sa mga negatibong epekto nito sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon at lalo na para sa mga paraan ng pagtatasa ay ang potensiyal na magamit ito sa mga akto ng *academic dishonesty*, lalo na upang mapadali ng mga mag-aaral ang mga gawain ng pandaraya at pladyarismo. Nauugnay ang mga ganitong kaso ng pandaraya sa isinagawang pag-aaral nina Forsyth et al. (2018), na ang teknolohiya ay nakaaapekto sa mga oportunidad ng paggawa ng hindi kaaya-ayang gawi sa pagkuha ng mga pagsusulit. Sa pagkatutong onlayn, ang mga mag-aaral ay mas nagiging tamad at dumedepende na lamang sa internet. Dagdag pa, ang pagsulong ng teknolohiya sa mundo ay nagresulta ng mas pagtaas ng mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa sistemang pang-edukasyon.

Group CHeAT - Karaniwang nang gamitin ang *group chat* para sa mas konvenyent na pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa kanilang mga kklase at sa kanilang mga guro. Ang *group chat* ay isang aplikasyon na kung saan ay nagsasama-sama sa isang birtuwal na silid ang mga mag-aaral at doon ay madali nilang naipahahayag

ang kanilang mensahe maging ito man ay may kinalaman sa mga usaping akademiko o mga personal na pagpapahayag lamang.

Sa pagkatutong onlayn, hindi lamang mga LMS ang naging pangunahing instrumento ng mga guro upang masubaybayan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Naging karaniwan din ang paggamit ng mga *group messenger* sapagkat mas madali at *accessible* ito kumpara sa pakikipag-ugnayan gamit ang LMS. Subalit sa konteksto ng pag-aaral, ang mga *group chats* na ito ay isa rin sa mga naging paraan ng mga kalahok sa mga akto ng pangongopya at pandaraya. Lumabas sa pagsusuri na ginagamit ng mga kalahok ang mga *group chats* na ito upang magbahaginhin ng kani-kanilang mga sagot habang isinasagawa ang pagsusulit. May mga pagkakataon ding ini-screenshot ang mga aytem ng pagsusulit at ipinapasa sa kanilang *group chat/s* upang makita ang mga tanong na ito ng ibang klase bago pa man ang pagsusulit ng ibang pangkat. Ayon pa sa pagbanggit ng isa sa mga kalahok:

“sige am chat-chat kon ano era answer kay para liwat ak makasubad. Makadanay, ini-screenshot it questions tas isisend haam gc.”

[nag-chachat kami para malaman ang sagot ng bawat isa at para rin makakopya ako. Minsan ay ini-screenshot nila ang tanong at isi-send sa group chat namin]

Karaniwang nangyayari ang ganitong mga akto ng pangongopya at pandaraya sa mga mag-aaral na humihingi ng sagot sa mga kaklase lalo na ang mga mag-aaral na hindi seryoso sa pagbabasa/pag-aaral ng mga modyul at mga hindi aktibo sa klase. Karaniwan ding nasasangkot sa ganitong mga akto ang mga mag-aaral na napi-pressure magbahagi ng mga sagot sa mga kaibigan at kaklase na nangangailangan ng tulong na maipasa ang pagsusulit. Ayon pa kina Alviani et al. (2019), ang presyur sa akdemikong pagganap ay may makabuluhang epekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral na sumangkot sa mga gawaing pandaraya. Ito ay naglulundo ng rasyonalisasyon ng pangongopya at hindi na tinitingnan ng mga mag-aaral na nasa sitwasyon ng presyur ang mga etikal na pagpapahalaga.

Multiple Tabs/Device - Ang mga *digital device* ang pangunahing kagamitang edukasyonal na gamitin sa pagkatutong onlayn. Ang *laptop, ipad, mobile phones*, at iba pa ang nagsisilbing midyum ng ugnayan ng guro at mag-aaral sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Malaki ang naging papel ng inobasyong teknolohikal sa modernisasyon ng edukasyon. Mas naging posible ang mga dati’y imposible at naging madali ang dati’y mahirap. Subalit ang pagsulong ng teknolohiya at ang *digitization* ng edukasyon ay nagbukas rin ng maraming pagkakataon sa mga mag-aaral na mas maging madali ang mga paraan ng pangongopya at pandaraya. Ang paggamit ng mga *digital devices* sa pagkatutong onlayn ay naging isa rin sa mga paraan ng mga mag-aaral sa pagsangkot sa mga *academic dishonesty practices*.

Sa kasalukuyang pag-aaral, natuklasan na ang paggamit ng *multiple devices* at pagbubukas ng *multiple tabs* ay isa sa mga paraan ng mga kalahok sa akto ng pangongopya at pandaraya sa pagkuha ng pagsusulit. Ayon sa pagsasalaysay ng mga kalahok, gumagamit ng dalawa (2) o higit pang *device* ang kalahok habang sinasagutan ang pagsusulit sa *google form*. Halimbawa dito ang paggamit ng laptop at mobile phone. Sa oras ng pagsusulit, inihahanda ng mga kalahok ang kanilang gagamiting *device* para sa pagbukas ng *google form* upang makita ang mga aytem ng pagsusulit samantalang ang isang *device* naman ay para sa pagba-browse sa internet. Mas nagiging madali ang pagsagot kung dalawang *device* ang ginagamit sapagkat hindi na kailangan pang magpalit-palit ng *tab* habang sumasagot sa pagsusulit at naiwasan ang ano mang suliranin sa pagsusumite ng mga sagot. Ayon pa sa pagsasalaysay ng isa sa mga kalahok:

“Mas maupay kon duha an gamit kay mas masayon mag-search. May mga times kasi kon usa la an gamit na-eexit na tab han google form, hassle masyado.”

[Mas mainam kung dalawang device ang gagamitin sapagkat mas madaling mag-search. May mga pagkakataon kasi na kapag isa lamang ang gamit ay nasasara ang tab ng google form at

nagdudulot ng hassle sa pagsumite]

Internet Browsing - Ang internet ang itinuturing na imbakan ng pinakamalawak na saklaw ng kaalaman. Sa isang *click* lamang ay madali at mabilis nang makukuha ang sagot sa isang tanong. Sa kaso ng pangongopya at pandaraya, karaniwan nang gawain ng mga kalahok ang maghanap ng mga sagot sa internet. Paliwanag ng mga kalahok, may mga pagkakataong *verbatim* ang mga tanong sa pagsusulit at sa pamamagitan lamang ng pag-copy-paste sa mga tanong na ito ay madali nang malalaman ang sagot. Marami rin ang mga pagpapaliwanag sa sitwasyon ng mga aytem ng pagsusulit na mas nagpapadali sa kanila na sagutan ang pagsusulit ng guro. Ayon sa pahayag ng isa sa mga kalahok:

“Actually gin-try ko la pag-copy-paste han question ha browser, then kumita ako kon ano an question ni maam, amo gihap it nakadto ha brainquiz, so may answer dayon ako.”

[Sa katunayan, sinubukan ko lang na icopy-paste ang tanong sa browser, pagkatapos nakita ko na kung ano ang tanong sa pagsusulit ni maam ay ganoon din ang nakita ko sa brainquiz, kung kaya may sagot agad ako]

Hindi maikakailang malawak at halos walang hangganan ang kaalamang makikita sa internet. Isa sa mga karaniwang pamamaraan ng pagkuha ng pagsusulit ay onlayn kung kaya madali rin para sa mga mag-aaral na maghanap ng mga sagot dito. Ang ganitong senaryo ng pangongopya at pandaraya ay nakita na sa isinagawang pag-aaral nina Keeley at Dooley (2014). Sa kanilang pananaliksik, natuklasan na mas mataas ang markang nakukuha ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit onlayn kapag ang mga tanong sa pagsusulit ay *verbatim* sa kung ano ang nasa internet kumpara sa mga tanong na *paraphrased*. Sa kanilang isinagawang eksperimento, natuklasan ang mahalagang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa pagkuha ng pagsusulit na gumamit ng mga *paraphrased* na tanong kumpara sa *verbatim*. Higit na mataas ang marka sa mga pagsusulit na gumamit ng mga *verbatim* na tanong.

Printed Notes/Materials - Sa pagkatutong onlayn, gumamit ang mga guro ng mga modyul para sa deliberi ng kurikulum ng mga tiyak na kurso. Ang modyul ay maaaring *printed* o *electronic*. Sa kolehiyo karaniwan ang mga *electronic modules*. Ito ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto na kung saan ay ipinamamahagi ng guro ang materyal na ito upang basahin at pag-aaralan ng mga mag-aaral bago ang pagsasagawa ng sinkronos na pagkaklase at/o pagtatasa. Subalit ayon sa mga mag-aaral ang mga aralin at babasahin sa mga modyul ay masyadong mahahaba at malawak. Mahirap maunawaan ang mga konseptong inilalahad sa modyul sapagkat walang sapat na pagpapaliwanag mula sa guro. Kaya naman, dahil sa aspektong ito, nabuo ang konsepto ng paggawa ng mga buod (summary) sa mahahalagang nilalaman ng modyul at ang paggamit mismo ng mga ipinamahaging modyul bilang paraan ng pangongopya at pandaraya sa pagsagot sa mga pagsusulit.

Ayon sa pagsasalaysay ng mga kalahok, gumagawa sila ng *outline/reviewer* bago ang pagkuha ng pagsusulit. Tinutukoy ng mga kalahok ang posibleng bahagi na lalabas sa pagsusulit upang maging madali para sa kanila ang pag-scan ng kanilang inihandang kodigo. Habang isinasagawa ang pagsusulit ay patuloy ring ini-scan ng mga kalahok ang kanilang modyul upang hanapin ang sagot sa mga tanong ng pagsusulit. May mga pagkakataon ding mismong sa pagsusulit na nila binabasa ang modyul sa pamamagitan ng *skimming* at *scanning*. Ang bigat at lawak ng mga nilalaman ng mga aralin ay tinukoy bilang salik na nagsangkot sa mga kalahok sa akto ng pangongopya at pandaraya.

Call a Friend - Isa rin sa mga paraan ng mga mag-aaral sa pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya ang pagtawag sa kakilala o pakikipag-usap sa telepono upang magtanong at/o humingi ng sagot sa mga tanong na makikita sa pagsusulit. Karaniwan ang ganitong paraan sa mga kalahok na may kaibigan, kakilala, kamag-anak, kapatid at/o magulang na may kaalaman sa asignaturang sinasagutan. Ang paghingi ng suporta ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagtawag o pakikipag-usap ay isang akto ng pangongopya at pandaraya bagaman ito ay maaari rin namang paraan lamang upang bigyang-linaw ang mga konseptong di-gaanong maunawaan. Ayon kina Amigud at Lancaster (2019), ang paghingi ng suporta ng isang *cheater* ay

kumakatawan sa isang pag-uugali na kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapakita na sila ay humihinto sa proseso ng pagkatuto ngunit nagnanais ng magandang resulta sa kanilang pinagsusumikapang akto.

Youtube University - Sa pagkatutong onlayn, napakalaki ng pakinabang ng parehong guro at mag-aaral sa mga *digital resources* na makikita sa iba't ibang *platform*. Ang pag-unawa sa isang komplikadong proseso ay nagiging madali kapag may mga gabay na materyal at/o pagpapaliwanag na magagamit ng mga mag-aaral. Subalit sa aspektong ito, naging paraan din ng mga mag-aaral ang mga kagamitang ito sa pagsangkot sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya.

Ayon sa pagsusuri sa mga salaysay ng mga kalahok, karaniwan na rin ang panood ng mga vidyo sa *youtube* bilang paraan ng pandaraya. Karaniwan itong ginagawa ng mga kalahok sa mga pagsusulit sa asignaturang Matematika lalo na kung may mga suliraning komplikado at kinakailangan ng gabay kung papaano ito sasagutin. Habang isinasagawa ang pagsusulit ay dali-daling nagbubukas ng *youtube tab* ang mga kalahok upang makakuha ng ideya kung papapaano sasagutan ang pagsusulit.

3.2 Mga Paraan ng Pangongopya at Pandaray sa Pagkatutong Onlayn: Pagsagot sa Modyul

Edit and Submit - Sa paraang ito, ang mga mag-aaral ay humihiram o kumukuha ng sinagutang modyul mula sa mga kakilala/kaibigan/kaklase at iyon na lamang ang isinusumite. Pinapalitan lamang ng mga kalahok ang kaunting detalye o bahagi katulad ng pangalan, pangkat at petsa. May mga pagkakataon ding pangalan lamang ang pinapalitan at direktso nang ipinapasa sa ginagamit na LMS ng guro gaya ng *google classroom* at *Moodle*. Ayon pa sa pahayag ng isang kalahok:

“Sometimes iniedit ko nala it mga modyul kay mahubya ngan makuri pag-answer damo masyado an activity. Dire man ngani gud napapansin ni maam kay so far waray pa man feedback nga identical it output.”

[Minsan iniedit ko nalang ang modyul dahil nakatatamad at mahirap sagutan ang modyul dahil sa dami ng mga gawain. Hindi naman napapansin ni maam dahil wala namang puna na pare-pareho lamang ang mga sagot]

Sa konteksto ng paggamit ng mga modyul sa pagkatutong onlayn, ang mga kalahok ay nawalan ng disiplina dahil sa pagkasira ng kanilang *routine* sa pag-aaral. Ayon sa mga kalahok, hindi nagiging *encouraging* ang pag-aaral gamit ang mga modyul sapagkat nakatatamad sagutan ang napakaraming gawain at pangangailangan ng mga modyul. Dagdag pa, nakapanghihina ng loob ang kapal ng pahina ng mga modyul dahil sa dami ng babasahin at nilalaman nito. May mga modyul din na hindi organisado, makalat at hindi maunawaan dahil sa kawalan ng konsistensi sa format at sobrang komplikadong balangkas, salat na pagpapaliwanag at mga halimbawa. Ang ganitong mga salik sa pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya ay umayon sa pahayag nina Yang et al. (2013) na ang kawalan ng interes at/o paghahanda, presyur na gumanap, mga maling pananaw hinggil sa pangongopya, at kawalan ng malinaw na direksiyon ng aralin ay naglulundo sa mga akto ng pangongopya at pandaraya.

Collect and Collate - Sa pagkatutong onlayn, ang paggamit ng modyul (parehong printed at electronic) ay karaniwan ng paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa paraang ito ay binabasa, pinag-aaralan at sinasagutan ang mga gawain ng modyul bilang produkto ng pagkatuto sa nasabing aralin. Subalit sa konteksto ng pagkatutong onlayn, ang pagsagot sa mga gawain at pangangailangan ng modyul ay nagsangkot din sa mga mag-aaral sa mga akto ng pangongopya at pandaraya.

Sa paraang ito, ang mag-aaral ay nanghihingi at/o nangongolekto ng mga sagot sa mga gawain at iba't ibang bahagi ng modyul mula sa mga kaklase upang pag-isahin at makabuo ng isang buong awtput na ipapasa sa guro. Ayon pa sa paglalarawan ng isa sa mga kalahok, kung may tatlong (3) gawain ang modyul ay tatlong mapagkukunan din ang hihingian ng sagot upang makabuo ng kaniyang sariling awtput. Halimbawa sa gawain 1,

hihingi ng sagot sa kklase A, gawain 2, sa kklase B, at gawain 3, sa kklase C. Ang ganoong teknik ay mainam para sa mga kalahok kumpara sa naunang paraan dahil mas mahirap itong tukuyin ng guro bilang akto ng pangongopya kumpara sa *verbatim* na pangongopya na tinukoy sa naunang paraan.

You Help Me, I'll Help You - Ang pagkatuto sa bagong himtong ay hindi naging madali para sa mga guro at mag-aaral. Ang distansiya at kawalan ng sapat na suporta mula sa mga guro ay naging isa sa mga makabuluhang salik sa pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagkakompromiso ng kalidad ng pagkatuto. Isa sa mga naging paraan ng mga mag-aaral upang maitawid ang bigat ng pag-aaral sa bagong himtong ay ang suportahan ang isa't isa sa pagsagot sa mga gawain ng modyul. Bagaman mabuti ang layunin, ito ay maituturing ding isang anyo ng pagiging di-tapat at pagsangkot sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya.

Ang *Help Me, I'll Help You* ay isang paraan na kung saan ay nagpapalitan ng modyul ang dalawang estudyante at nagkakaroon ng konsensuwal na pagpapasya upang sagutan ang modyul batay sa kaniya-kaniyang kalakasan. Sa sitwasyong ito, ang modyul sa Matematika ng isang Filipino meyor ay pasasagutan sa marunong sa asignatura samantalang kapalit naman sa pagsagot ang modyul niya sa Filipino. Ayon pa sa pagsasalaysay ng isa sa mga kalahok:

“Nakikibalyo ako modyul tak mga sangkay o kakilala na Math Majors para paansweran ak Modyul ha Math. Tas it era modyul ha Filipino ako a maanswer. Mas madali kon sugad kay may mga part hit modyul na makuri talaga intindihun.”

[Nakikipagpalit ako ng modyul sa aking kakilala o kaibigang Math major para pasagutan ang aking modyul sa Matematika samantalang ang modyul niya sa Filipino ay ako naman ang sasagot. Mas madali kasi kapag ganito dahil may bahagi talaga sa modyul na mahirap maintindihan]

Ang ganitong paraan ay *mutual* na pagkamit ng parehong benepisyo ng dalawang sangkot na mag-aaral upang maging magaan ang pagsagot sa mga modyul ng kurso. Ayon kina Jones et al. (2015), karaniwan ang mga ganitong akto ng pangongopya na kung saan ay resiprokal ang benepisyo sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng ano mang *resources* o serbisyo sa iba. Ganoon pa man, bagaman *mutual* ang resultang dulot ng ganitong akto, hindi pa rin maikakaila na ang pumapailalim na prinsipyo ng ganitong gawi ang pag-*maximize* sa personal na interes ng bawat isa. Kaya, kapag ang mga interes ng mga kasangkot ay ganap na nakahanay, palaging mayroong insentibo ang pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya.

Help Me, Please! - Maliban sa naunang nabanggit na paraan ng pangongopya, isa ring paraan ng pangongopya at pandaraya ang paghingi ng suporta o tulong mula sa iba. Kaiba sa naunang pagtalakay, ang paraang ito ay nakatuon sa personal na interes at benepisyo lamang ng nangangailangan ng serbisyo. Ang pagpapasagot sa mga modyul sa ibang tao kklase man, kaibigan, kamag-anak at iba pa ay maituturing na isang akto ng pandaraya. Ang pagtingin sa tagumpay ng produkto ng paggawa na hindi mula sa sariling pagsusumikap ng isang indibiduwal ay isang paraan ng pagsisinungaling at paglabag sa akademikong intergridad.

Karaniwang nagaganap ang ganitong mga akto ng pandaraya sa pagsagot sa mga modyul sa mga mag-aaral na walang ginugugol na sapat na pagsusumikap upang pag-aralan ang nilalaman ng modyul. Inaasa ng mag-aaral ang pagganap at pagpasa sa isang pangangailangan sa iba dahil sa kakulangan nito ng kumpiyansa at pananalig na magagawa niya ang isang gawain. Paliwanag ng mga kalahok, ang pagsangkot sa ganitong mga akto ay produkto ng kawalan ng interes sa pag-aaral at mababang motibasyon sa pagkatutong onlayn. Ang ganitong mga rason ay umaayon sa pag-aaral nina Krou et al. (2020) na kung saan ay natuklasan nila na ang mahalagang ugnayan ng pagsangkot sa akademikong pandaraya sa motibasyon ng isang mag-aaral. Dagdag pa, mauugat ang pagsangkot sa mga akto ng pandaraya ng mga mag-aaral sa motibasyon at sa kanilang oryentasyon sa ekstrinsik na tunguhin kagaya ng pagkamit ng magandang puna at/o mataas na marka.

3.3 Mga dahilan ng Pagsasangkot ng mga Mag-aaral sa mga Akto ng Pangongopya at Pandaraya sa

Pagkatutong Onlayn.

Upang masikhay ang pagsangkot ng mga mag-aaral sa mga akto ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn ay nilayon ng pananaliksik na alamin ang mga dahilan ng pagsangkot ng mga kalahok sa mga nasabing akto upang tingnan hindi lamang ang pangongopya at pandaraya bilang produkto kung hindi upang maipakita ang mga kasangkot na sirkumstansiya at pagpapasya bilang proseso. Sa bahaging ito ay ipinakita ang mga pangunahing dahilan kagaya ng pagkakaroon ng presyur at mataas na ekspektasyon, pagka-overwhelmed sa mga aralin ng mga modyul, kawalan ng konfidens at kumpiyansa, kawalan ng tamang pamamahala sa oras, at kawalan ng sapat na pagtalakay ng guro sa mga aralin.

Presyur at Mataas na Ekspektasyon - Karaniwan nang batayan ng pagkatuto ang kalidad ng mga produkto ng mag-aaral sa isang aralin. Ang pagkamit ng mataas na marka o iskor sa isang pagsusulit o gawain ay palantadaan ng tagumpay ng isang mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa pagkatutong onlayn, ang mga mag-aaral ay naharap sa hamon ng bagong sistema lalo na sa aspekto ng tinatawag na *independent learning*. Sa paraang ito, ang mga mag-aaral ang nangangasiwa sa kanilang sariling pagkatuto at higit sa kung ano at paano ipapasa ang isang kurso.

Subalit ang sistemang ito ng pagkatuto na walang tiyak at sapat na paggabay ng mga guro ay nagdulot ng pagkabahala sa mga mag-aaral lalo na sa usapin sa akademikong tagumpay. Naging pangunahing alalahanin ng mga kalahok ang posibleng pagbaba ng kanilang marka at/o sa mas malalang senaryo, ang pagbagsak sa kurso. Para sa mga kalahok, ang pagbaba ng marka o pagbagsak sa kurso ay maaaring maging dahilan upang mahusgahan ang kanilang kakayahan at higit na maapektuhan ang kanilang pananaw sa pag-aaral. Naging komon din ang ganitong ideya lalo na sa mga *achiever* na mas higit na nakaramdam ng presyur dahil sa paniniwalang kinakailangan nilang mapanatili ang magandang performans sa klase. Ganoon din, naging pangunahing isipin ng mga kalahok ang mataas na ekspektasyon ng kanilang mga magulang, kaibigan, kaklase at mga guro sa kanilang pagganap sa klase. Dahil dito, hindi na tiningnan pa ng mga kalahok ang mga aksiyong taliwas sa pagganap na may pagsasaalang-alang sa akademikong integridad. Ayon pa sa isa sa mga kalahok:

“Napi-pressure ak na i-maintain ak academic standing kay nahiara an ak mga classmates ngan parents na achiever ako. Nahahadlok ak hit era mayayakan kon bumagsak ak.”

[Napi-pressure ako na i-maintain ang aking academic standing dahil nasanay na ang aking mga magulang na achiever ako. Natatakot ako sa maaari nilang sabihin kapag bumagsak ako]

Ang mga nabanggit na dahilan ng mga kalahok sa pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya ay maiuugnay sa papel nina Stephens at Gehlbach (2007). Sa kanilang pag-aaral, tinalakay ang *achievement goal theory* bilang prominenteng lapit upang suriin kung paano nagaganyak ang isang mag-aaral na gumanap sa proseso ng pagkatuto at maging *achiever*. Dagdag pa, binigyang-diin sa kanilang papel ang dalawang uri ng *achievement goal* na nauugnay sa nabanggit na lapit – ang *mastery goal* na humuhubog sa mag-aaral na madebelop ang kanilang mga kakayahan at ang *performance goal* na nakatuon naman sa pagpapakita ng kanilang mga kakayahan. Ang kamakailang pananaliksik ay nagkonekta ng mga diskarte sa lapit sa mga paniniwala at pag-uugali na nauugnay sa pang-akademikong pagdaraya. Ayon pa kina Alviani et al. (2019), ang *academic pressure* ay may makabuluhang negatibong epekto sa pag-uugali ng mag-aaral patungo sa pagsangkot sa mga akademikong pandaraya, pagkakataon na mandaya at ang rasyonalisasyon ng pandaraya.

Pagka-overwhelmed sa mga Aralin ng mga Modyul - Ang paggamit ng modyul ang pinakakaraniwang paraan sa pagkatutong onlayn. Sa Pilipinas, ang *learning modality* na ito ay kasalukuyang ginagamit ng lahat ng mga pampubliko at pribadong paaralan dahil ayon sa mga tagapangasiwa ng edukasyon, ang pag-aaral sa pamamagitan ng *printed at digital modules* ay lumitaw bilang pinakagustong *distance learning method* ng mga magulang na may mga anak na naka-enrol sa ganitong sistema (Bernardo, 2020). Dito ay nagbibigay ng iba't

ibang gawain at pagsasanay ang guro upang makamit ang inaasahang tiyak na kompetensi ng isang aralin. Maliban sa mga gawain at pagsasanay, makikita rin sa modyul ang mga babasahin, konsepto o kaalaman na dapat matutunan ng isang mag-aaral. Subalit sa kaso ng mga kalahok, naging suliranin para sa kanila ang pagkatutong onlayn dahil sa mga modyul na ito na naglundo sa mga akto ng pangongopya at pandaraya.

Ayon sa mga kalahok, masyadong marami at malawak ang nilalaman ng mga modyul. Hindi nagiging sapat ang pagbabasa lamang sapagkat may ilang paksa na mahirap maunawaan kapag walang mga tiyak na paglalarawan, elaborasyon at mga halimbawa. Dahil din sa lawak ng saklaw ng mga modyul, hindi natitiyak ng mga kalahok kung anong bahagi ng modyul ang pag-aaralan sapagkat nakadaragdag dito ang bigat ng mga kahingian kagaya ng paggawa ng mga vidyo, sulatin, ulat at iba pa. Nakaapekto rin ang kawalan ng interes sa pagbabasa sa mga ito dahil sa hindi maunawaan nang lubos ang mga paksa ng modyul. Ayon pa sa pagbanggit ng isa sa mga kalahok:

“Mahubya pagbasa hit modyul labi nakita ak nga madakmol-dakmulan tas sobra kadamo hit activities. Nakakawaray gana pag-study amo nga nangongopya nala ak answer han mga activity.”

[Nakatatamad magbasa ng modyul lalo na kapag nakikita kong makapal ang babasahin at sobrang dami ng gawain. Nakakawalang ganang mag-aral kung kayat nangongopya na lamang ako ng sagot sa mga activity]

Ang paraan ng paggamit ng modyul sa pagkatutong onlayn ay nagdulot ng negatibong pag-uugali sa mga mag-aaral hinggil sa pagkatuto. Sa pag-aaral nina Dangle at Sumaoang (2020), natuklasan na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa modaliti ng bagong pag-aaral na ito. 90% ng mga kalahok ay nahirapang sagutan ang kanilang mga modyul. Kalahati sa kanila ay hindi nagkakaroon ng sapat na oras upang magawa ang lahat ng kanilang mga modyul sa loob ng isang linggo. Madalas silang nakatatanggap ng hindi bababa sa walong (8) modyul sa lahat ng subjek at bawat modyul ay may 3-5 gawain. Binigyang-tuon din sa papel na ito ang mga suliranin na nararanasan ng mga estudyante, magulang, at guro pagdating sa oras, kagamitan, at *internet connection*. Lumabas sa pag-aaral na ang mga estudyante ay nahihirapan sa pamamaraang *modular learning*.

Kawalan ng Konfidens at Kumpiyansa sa Sarili - Ang kumpiyansa sa sarili ay isang mahalagang salik sa mabungang pagganap sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Ayon kina Kofahi at Srinivas (2004), ang kumpiyansa sa sarili ay maaaring mataas o mababa. Sa proseso ng pagganap, ang indibiduwal na may mataas na kumpiyansa sa sarili ay may posibilidad na magpakita ng aktibo at direktang pagganap, habang ang indibiduwal na may mababang kumpiyansa sa sarili ay may posibilidad na umiwas sa gawain. Ang mga indibiduwal na may mataas na kumpiyansa ay tinitingnan ang kabiguan bilang resulta ng kakulangan ng pagsusumikap, kaalaman, at kasanayan. Samantala, ang mga indibiduwal na may mga pagdududa sa kanilang mga kakayahan (mababa ang self-efficacy) ay lalayuan ang mahihirap na gawain dahil ang mga gawaing ito ay nakikita bilang isang banta sa kanila. Ang ganitong mga indibiduwal ay may mababang hangarin at mababang pangako sa pagkamit ng mga layunin na kanilang pinili o itinakda. Ang konsepto na ito ay nauugnay sa kakayahan ng isang tao na harapin ang *academic pressure*.

Sa pananaliksik na ito, nakitang dahilan sa pagsangkot ng mga kalahok sa mga akto ng pangongopya at pandaraya ang kawalan ng konfidens at kumpiyansa sa sarili. Ang paniniwala at pag-uugali ng mga mag-aaral ay nagdulot ng makabuluhang epekto sa kanilang mga pagpapasya sa pagganap sa mga gawaing pang-akademiko kagaya ng pagsagot sa mga modyul ng kurso. Ayon sa mga kalahok naging kontributor ang sitwasyon at sistemang pang-edukasyon (online distance learning) sa pagbaba ng kanilang kumpiyansa sa sarili. Ang kawalan ng direktang komunikasyon sa mga guro at kaklase ay nagdulot ng damdaming magsarili (feeling of isolation). Ang ganitong pakiramdam ay lalong nakadaragdag sa negatibong disposisyon ng mga kalahok lalo na sa pagganap sa mga akademikong gawain. Inisip ng mga kalahok na mahirap ang bawat gawain subalit wala silang ano mang pagpipilian kung kayat humahantong na lamang sila sa pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya. Ayon pa sa isa sa mga kalahok:

“Makuri talaga it online kay ikaw la na usa nag-iinistudy, dire ka namo-motivate, mahubya pagbasa ngan pag-study. Pero waray ko man choice, nadire man gihap ako mahulog amo nga na-engage nala talaga ak hit cheating.”

[Mahirap talaga ang online learning dahil mag-isa ka lang, hindi nakaka-motivate, nakatatamad magbasa at mag-aral. Pero wala naman akong choice dahil ayoko ring bumagsak kaya nag-eengage na lamang ako sa mga akto ng pangongopya]

Ang mga nabanggit na sitwasyon ay pagpapakita lamang ng katotohan kung paano nagpapasya ang isang indibiduwal sa mga sitwasyon. Ayon pa kina Ika at Donnelley (2017), ang isang indibiduwal kapag naharap sa mga potensiyal na nakababahalang sitwasyon, ang kanyang kumpiyansa sa sarili ay makaaapekto sa kung ano ang magiging reaksiyon nito. Ang parehong emosyonal na reaksiyon at pagsusumikap na malampan ang suliranin ay nakadepende sa antas ng kanyang konfidens at kumpiyansa sa sarili. Ang kumpiyansa ay nagbibigay ng lakas para sa indibiduwal na maganyak sa buhay at sa kanyang personal na tagumapay (Chemers, 2001). Sa madaling salita, ang kumpiyansa sa sarili ay gumaganap bilang isang mahalagang *determinant* ng motibasyon at pagkilos ng tao. Ang pang-akademikong pag-uugali ng pagdaraya ay nangyayari dahil sa pakiramdam na hindi handa at hindi sigurado sa pagkamit ng mga kasiya-siyang marka (Darmiany & Nurmawanti, 2020).

Kawalan ng Tamang Pamamahala sa Oras - Isa rin sa mga lumitaw na dahilan ng pagsangkot ng mga kalahok sa mga akto ng pangongopya at pandaraya ay ang kawalan ng tamang pamamahala sa oras. Ang dami ng mga gawain sa mga modyul at ang lawak ng mga babasahin ay nakaapekto sa pamamahala sa pansariling pagkatuto ng mga kalahok. Dagdag pa, ang karaniwang *routine* ng mga mag-aaral ay nabago. Kung sa dating *face-to-face* ay karaniwang aktibo ang mga kalahok sa pag-aaral tuwing umaga, sa *online learning* ay nabago ang nakasanayang oras ng pagkatuto. Bagaman, hawak ng mga kalahok ang kanilang sariling oras, at may kalayaang ihanay ang mga gawain batay sa kanilang prayoridad, naging dahilan ito ng pagkasira ng kanilang *routine* at naging sanhi ng pagdami ng nakatambak na gawain. Ayon pa sa salaysay ng isa sa mga kalahok:

“Kon dati adlaw ako nag-iistudy, yana nga online learning, ala-1 o makadanay kaumagahun ako nag-iistudy. Dire pa gud study nga study kay agsub natatambak la gihap tak trabahuon.”

[Kung dati sa umaga ako nag-aaral, ngayong online learning, ala-1 o minsan madaling-araw ako nag-aaral. Minsan pa hindi seryoso kaya natatambak din ang mga gawain]

Ang salik na natukoy sa pag-aaral ay umaayon sa resulta ng pananaliksik nina Jurdi et al. (2011) na kung saan ang pagtaas ng kaso ng pladyarismo, pangongopya at pandaraya ay sinang-ayunan ng mga respondente bilang produkto ng kawalan ng maayos na pamamahala sa oras, kawalan ng organisadong estratehiya sa pag-aaral at maging ang edad bilang mga salik na may mahalagang papel sa pagsangkot sa mga *academic dishonesty practices*. 80% mula sa mga kalahok ang sumasang-ayon dito. Dagdag pa ni Ahmadi (2012), pangunahing dahilang natukoy sa pagsangkot ng mga mag-aaral sa pangongopya at pandaraya ang kawalan ng sapat na paghahanda sa pagsusulit, mababang pamamahala sa oras (poor time management), at kahirapang nararanasan sa pagkuha ng pagsusulit.

Kawalan ng Sapat na Pagtalakay ng Guro sa mga Aralin - Ang *Online Learning Mode* o *Distance Learning* ay maaaring gawin sa pamamagitan ng paggamit ng *computer, smartphones* at *internet*. Maaari rin naman ang paggamit ng modyular na kung saan may mga modyul (printed o electronic) na ipamamahagi sa mga estudyante na kanilang pag-aaralan at sasagutan sa itinakdang panahon (Calaor et al., 2020). Sa pagkatutong onlayn, hindi naging regular ang pagkaklase at pagtalakay ng guro sa mga nilalaman ng modyul. Dahil sa paggamit ng mga modyul, naging palasak ang konsepto ng *independent learning* na nagdulot ng iba't ibang damdamin sa mga mag-aaral na humantong sa pagsangkot sa mga akto ng *academic dishonesty practices*.

Sa pananaliksik na ito, nakita mula sa mga salaysay ng mga kalahok ang kawalan ng sapat na pagtalakay ng guro bilang isa sa mga dahilan ng pagsangkot ng mga mag-aaral sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya. Ang

limitadong kaalaman ng mga kalahok sa mga nilalaman ng kurso ang itinuturing nilang dahilan kung bakit kinakailangan nilang gawin ang isang bagay na lumalabag sa akdemikong integridad. Ayon sa mga kalahok, madalang magsagawa ng pagtalakay ang kanilang mga propesor o instruktur sapagkat nasa modyul naman ang impormasyong kinakailangan. Sa ganitong senaryo, hindi naitatama ng guro ang mga maling interpretasyon ng mga kalahok at hindi rin agaran matugunan ang mga paglilinanaw ng mga kalahok sapagkat limitado ang komunikasyon ng mga kalahok sa kanilang mga guro. Dagdag pa, kapag naman magsagawa ng sinkronos na pagkaklase, madalas natutuon ang pansin ng guro sa pagbibigay ng mga puna, apdeyt, at mga panuto lamang hinggil sa mga gawain at kahingian ng kurso. Ayon sa salaysay ng isa sa mga kalahok:

“It modyular kay dire gud ako nababaru. Mas maupay kasi talaga it gin-eexplain hit teacher tas may mga example. Amo nga kon exam asya nala nam ginbubuhat.”

[Hindi talaga ako natututo sa modyular na pag-aaral. Mas mainam talaga kasi kapag ipinaliliwanag ng guro at may mga halimbawa. Kaya kapag mga pagsusulit, iyon (pangongopya) na lamang ang aming ginagawa]

Sa pag-aaral ni Galit (2022), natukoy bilang isa sa mga naging pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagkatutong onlayn ang pag-unawa sa mga aralin na nakapaloob sa modyul. Ang modyul na ibinibigay ng guro ay karaniwang nangangailangan ng masinop na pagbabasa upang maunawaan ang paksa. Ganoon pa man, ang pagbabasa ay hindi nagiging sapat upang maunawaan ang nilalaman nito at maiugnay sa aktuwal at praktikal na senaryo. Dagdag pa, may mga sitwasyon sa modyul na masyadong teknikal at mahirap unawain. Dahil dito, hindi nagiging mabunga ang pagkatuto ng mga kalahok sa pag-aaral sa bagong himtang. Ayon pa nga sa pananaliksik nina Ruhalahti et al. (2021), ang kakulangan sa suporta mula sa guro, mga kaibigan at kaklase at ang di-magandang tanawing pang-akademiko ay nakaapekto sa motibasyon ng isang mag-aaral. Dagdag pa ni De Claro (2021), isa sa mga hamon ng *distance learning* ay ang kakulangan ng pagbibigay ng pidbak at suporta ng guro sa mga mag-aaral, kakulangan sa pagsasagawa ng *face-to-face* na pagkaklase at *isolation*. Ang ganitong mga sitwasyon bilang kahinaan sa pagkatutong onlayn ay nakitang dahilan ng mga kalahok sa pagsangkot sa mga akto ng pangongopya at pandaraya. Bagaman makabago at humihikayat ng pansariling pagtuklas at pagpapaunlad sa kakayahan ng bawat mag-aaral, ang ganitong sistema ay naging sanhi rin ng mas pagtaas ng kaso at paglawak sa mga pamamaraan ng pangongopya at pandaraya ng mga mag-aaral gamit ang teknolohiya.

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga isinagawang pagsusuri at pagtalakay sa mga nakalap na mga datos, nabuo ang sumusunod na konklusyon at rekomendasyon:

4.1 Kongklusyon

- Ang teknolohiya bilang pangunahing kagamitan sa pagkatutong onlayn ay naging kagamitan din ng mga mag-aaral sa mga akto ng pangongopya at pandaraya. Batay sa nalikom na datos, may iba't ibang paraan ang mga kalahok sa pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn gaya ng pagsasagawa ng mga *video* at *audio conferencing*, pagpapalitan ng sagot sa *group chat*, pagbubukas ng mga *multiple tabs* at pagba-browse sa internet, paghahanda ng mga kodigo, pagkuha ng mga larawan sa mga tanong na ipinamamahagi sa kaklase, at panonood ng mga vidyo.
- Ang pananaliksik na ito ay naglayong maipakita ang akto ng pangongopya at pandaraya hindi lamang bilang produkto kung hindi maging ang mga kasangkot na proseso sa pagpapasya ng mga kalahok. Batay sa isinagawang pagsusuri, nalaman na nasasangkot ang mga mag-aaral sa mga kaso ng pangongopya at pandaraya sa pagkatutong onlayn dahil sa nararamdamang presyur at ekpektasyon mula sa mga kaklase at mga kaibigan, nabibigatan sa mga aralin ng modyul, kawalan ng kumpiyansa sa sarili, kawalan ng sapat na oras para pag-aralan ang mga modyul at kakulangan sa pag-unawa dahil sa limitadong pagtuturo ng guro at ang pakikisama sa mga kaklase.

4.2 Rekomendasyon

- Ang mga paraang ng pangongopya at pandaraya ay karaniwang nauugnay sa malawak na akses sa internet. Kung kayat, para sa mga guro, mas mainam na gumamit ng mga pagtatayang awtentiko upang mahikayat ang mga kalahok na gumanap batay sa natamong kaalaman at kasanayan. Sa mga obhetibong pagsusulit, limitahan ang oras ng pagsusulit at huwag gumamit ng mga tanong na *verbatim* na maaaring hanapin sa internet ang sagot.
- Bigyang-pansin ang kurikulum at tukuyin lamang mga mahahalagang kompetensi ng isang kurso na dapat matutuhan ng isang mag-aaral upang malimitahan ang malawak na saklaw ng mga modyul. Mainam rin ang pagsasagawa ng pagtalakay sa mga sinkronos na pagkaklase upang maipaliwanag ang paksa nang maayos. Guwama ng mga polisiyang pangkalsrum na maglilimita sa pagsangkot ng mga kalahok sa pangongopya at pandaraya. Sa institusyon, tingnan ang posibilidad sa pagpapatupad ng *onsite examination* na may pagsasaalang-alang sa mga polisiyang pangkalusugan.

5. Sanggunian

- Acuzar, R., Algar, E. & Mercene, M. (2021). *Kwentong distance learning: Mga tinig ng estudyante, magulang, at guro*. Retrieved from <https://rb.gy/6j8tbh>
- Adom, D., Mensah, J. A., & Dake, D. A. (2020). Test, measurement, and evaluation: understanding and use of the concepts in education. *International Journal of Evaluation and Research in Education*, 9(1), 109-119, 2252-8822.
- Ahmadi, A. (2012). Cheating on exams in the Iranian EFL context. *Journal of Academic Ethics*, 10(2), 151-170.
- Allarte, N. N., Bastante, R. M. P., Canario, M. R. C., Dela Cruz, M. R., Figueroa, J. M. A. & Manalo, R. D. (2021). *Relayabilidad ng mga pagsusulit sa asignaturang Filipino sa kolehiyo gamit ang mga aplikasyong online*. Unpublished Undergraduate Thesis. Leyte Normal University, Tacloban City.
- Alviani, V., Kurniawan, A., & Sugiharto, B. (2019). The influence of academic pressure, opportunity of cheating and rationalization of cheating on the behavior of academic cheating with perception of accounting ethics as a moderating variable (on stie sutaatmadja subang accounting students). *JASS (Journal of Accounting for Sustainable Society)*, 1(01), 48. <https://doi.org/10.35310/jass.v1i01.69>
- Amigud, A., & Lancaster, T. (2019). 246 reasons to cheat: An analysis of students' reasons for seeking to outsource academic work. *Elsevier: Education and Technology*, 134, 98-107, <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2019.01.017>
- Bajjnath, N., & Singh, D. (2019). Examination cheating: Risks to the quality and integrity of higher education. *South African Journal of Science*, 115 (11-12), 1996-7489. <https://doi.org/10.17159/sajs.2019/6281>
- Bailey, J. (2020). *Plagiarism today. Reasons students plagiarize or cheat*. Institute of Technology (RIT). Retrieved from <http://bitly.ws/piUb>
- Bernardo, J. (2020, July 30). *Modular Learning most preferred parents*: DepEd. ABS-CBN News. Retrieved from <http://bitly.ws/piTX>
- Bhat, R. T. (2007, February 15). *Test and measurement*. Retrieved from <http://bitly.ws/piUg>
- Calaor, P. M., Cartin, A. M., Casia, A. M., Macahilas, R. G., & at Rivarez, R. A. (2020). *Epekto ng online learning mode sa aspektong sikolohikal ng mga mag-aaral sa kursong Accountancy sa Pamantasang Teknolohikal ng Rizal – Pasig Campus*. Retrieved from <https://rb.gy/fbilm8>
- Chemers, M. M., Hu, L.-t., & Garcia, B. F. (2001). Academic self-efficacy and first year college student performance and adjustment. *Journal of Educational Psychology*, 93(1), 55–64. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.93.1.55>
- Cornish, D., & Clarke, R. (1986). *The reasoning criminal: Rational choice perspectives on offending*. New York: Springer-Verlag. Retrieved from <http://bitly.ws/piUr>
- Dangle, Y. R. P., & Sumaoang, J. D. (2020, November). The implementation of modular distance learning in the Philippine secondary public schools. In *3rd International Conference on Advanced Research in*

- Teaching and Education* (Vol. 100, p. 108).
- Darmiany, D., & Nurmawanti, I. (2020). The role of self-efficacy toward students' academic cheating behavior. *Journal of Educational Innovation*, 7(2), 2549-8673.
- De Claro, W. N. D. (2021). Challenges and barriers encountered by G10-Agoncillo Learners in the implementation of Modular Distance Learning at Taal National High School. *International Journal of Research in Engineering, Science and Management*, 4(7), 409-413.
- Dhawan, S. (2020). Online learning: A panacea in the time of COVID-19 crisis. *Journal of Educational Technology Systems*, 49(1), 5-22. <https://doi.org/10.1177%2F0047239520934018>
- DiPietro, M. (2010). 14 theoretical frameworks for academic dishonesty: A comparative review. *A Journal of Educational Development*, 28, 250-262, 2334-4822. <https://doi.org/10.3998/tia.17063888.0028.018>
- Forsyth, R. P., Aleksieva, L. & and Yovkova, B. (2018). The impact of technology on cheating and plagiarism in the assessment – The teachers' and students' perspectives. *AIP Conference Proceedings*, 2048(1), <https://doi.org/10.1063/1.5082055>
- Galit, G. C. (2022). Hulagway at katotohan ng edukasyon sa bagong himtang: Pagsikhay sa mga kaso ng pagtigil sa pag-aaral sa panahon ng pandemya. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(1), 117-128. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.213>
- Gibbs, G. (2012). *Analyzing qualitative data: The SAGE qualitative research kit*. London: Sage Publication.
- Golden, J., & Kohlbeck, M. (2020). Addressing cheating when using test bank questions in online Classes. *Journal of Accounting Education*, 52. <https://doi.org/10.1016/j.jaccedu.2020.100671>
- Ika, L. A., & Donnelly, J. (2017). Success conditions for international development capacity building projects. *International Journal of Project Management*, 35(1), 44-63. <https://doi.org/10.1016/j.ijproman.2016.10.005>
- Jones, E. I., Afkhami, M. E., Bronstein, J. L., Frederickson, M. E., Heath, K. D., Hoeksema, J. D., Ness, J., Pankey, S. Porter, S.S., Sachs, J. L., Scharnagl, K. & Friesen, M. L. (2015). Cheaters must prosper: reconciling theoretical and empirical perspectives on cheating in mutualism. *Ecology Letters*, 18, 1270–1284. <https://doi.org/10.1111/ele.12507>
- Jurdi, R., Hage, H. S., & Chow, H. P. (2011). Academic dishonesty in the Canadian classroom: Behaviours of a sample of university students. *Canadian Journal of Higher Education*, 41(3), 1-35.
- Kelley, R., & Dooley, B. (2014). The technology of cheating. *IEEE International Symposium on Ethics in Science, Technology and Engineering*. <https://doi.org/10.1109/ETHICS.2014.6893442>
- Kofahi, N. A., & Srinivas, N. (2004). Distance learning: Major issues and challenges. *International Journal of Instructional Technology and Distance Learning*, 1(5), 9-22.
- Krou, M. R., Fong, C. J., & Hoff, M. A. (2021). Achievement motivation and academic dishonesty: A meta-analytic investigation. *Educational Psychology Review*, 33, 427–458. <https://doi.org/10.1007/s10648-020-09557-7>
- Li, C., & Lalani, F. (2020). *The COVID-19 pandemic has changed education forever: This is how*. Retrieved from <https://rb.gy/bdqz39>
- Li, M., Luo, L., Sikdar, S., Nizam, N. I., Gao, S., Shan, H., & Wang, G. (2021). Optimized collusion prevention for online exams during social distancing. *npj Science of Learning*, 6(1), 1-9.
- McCombes, S. (2019). *What and how to use a case study*. Retrieved from <https://www.scribbr.com/methodology/case-study/>
- Moralista, R., & Oducado, R. M. (2020). Faculty perception towards online education in a State College in the Philippines during the Coronavirus Disease 19 (COVID-19) Pandemic. *Universal Journal of Educational Research*, 8(10), 4736-4742. <https://doi.org/10.13189/ujer.2020.081044>
- Muthmainnah, Aeni, N., Galal, M., Varghese, K. J., Castillo, F. D., & Ghofur, A. (2021). The Students' Needs in Developing EFL Materials ICT Based. *Okara: Jurnal Bahasa Dan Sastra*, 15(2), 235–247. <https://doi.org/10.19105/ojbs.v15i2.4679>
- Pecorino, P. A. (2017). *Academic integrity and cheating: Why is it wrong to cheat?* Queensborough Community College, CUNY. Retrieved from <https://www.qcc.cuny.edu/SocialSciences/ppecorino/Academic-Integrity-cheating.html>
-

- Regis, E. (1979). Ethical egoism and moral responsibility. *American Philosophical Quarterly*, 16(1), 45–52.
- Ruhalahti, S., Lehto, T., Saarinen, S., & Katto, L. (2021). Identifying Higher Education first-year students' reported studying experiences studying during the pandemic. *European Journal of Education Studies*, 8(8). <https://doi.org/10.46827/ejes.v8i8.3831>
- Stake, R. E. (1995). *The art of case study research*. Thousand Oaks, CA: Sage.
- Stephens, J. M., & Gehlbach, H. (2007). 6 - Under pressure and underengaged: Motivational profiles and academic cheating in High School. *Psychology of Academic Cheating, Academic Press*, 107-134. <https://doi.org/10.1016/B978-012372541-7/50009-7>
- Yang, S. C., Huang, C. L., & Chen, A. (2013). An investigation of college students' perceptions of academic dishonesty, reasons for dishonesty, achievement goals, and willingness to report dishonest behavior. *Ethics and Behavior*, 23(6). <https://doi.org/10.1080/10508422.2013.802651>

